**Palubog na ang Bangka**
A Lord's Flock General Assembly Topic
Sis.Techie Rodriguez, Elder-Founder
*June 27, 2020*

**Pagbasa:** Pinatigil ni Jesus ang Unos (Mk. 4:35-41)

Bilang mga taong may malalim na pananampalataya, hindi tayo dapat sumuko sa gitna ng ating mga pagsubok sa buhay. Magtiwala lang tayo kay Jesus na patatahimikin Niya ang unos sa buhay natin at alam nating lilipas din ang lahat ng ito (Mk.4:35-41).

Ano-ano ang gustong ihayag ng kwento?

1. Ang pagkatao ni Jesus
   - Parehas lang natin, napapagod din si Jesus. Katanggap-tanggap na napapagod tayo, ngunit hindi tayo dapat sumuko.
2. Binabagyo rin ang mga taong maka-Diyos.
   - Maski malapit tayo kay Jesus, nakakaranas din tayo ng unos.
3. Panginoon ng kalikasan si Jesus.
   - Makapangyarihan si Jesus, sumusunod sa kanya kahit ang hangin at alon.
4. Kayang patahimikin ni Jesus ang mga unos.
   - Sa dalawang salita lang, napapahinahon Niya ang bagyo.
   - Sa pagbigkas ng, " Tumahimik Ka!" napapawi ni Jesus ang ating paghihirap.

Hinahayaan Niya tayong makaranas ng mga pagsubok para mapaunlad ang ating maka-Diyos na pag-uugali at makaranas ng tunay na galak habang hinahagupit tayo ng matinding unos. Ngunit, dapat alisto tayo! Baka atakihin tayo ng takot (Mk 4:38) at hindi na matupad ang plano ng Diyos para sa atin. Ituon lang natin ang ating paningin kay Jesus, dahil natalo na Niya ang takot at pangamba.

Paano natin mahaharap ang mga unos sa ating buhay?

1. Dapat magdasal tayo.
   - Magkaroon tayo ng oras sa Diyos at manalangin.
2. Asamin ang paggawa ng bago.
   - Noong sinabi ni Jesus sa Kanyang mga alagad na tatawid sila sa ibayo ( Mk 4:35), ibig Niyang sabihin oras na para sumulong anuman ang mangyayari.
   - Kung sinabi ni Jesus na oras na para mag-level-up, dapat excited tayo.
3. Dapat alisto tayo at isaisip na nasa gitna ang lugar ng pagsubok.
   - Huwag maging mangmang sa mga instrumento ni Satanas (2Cor 2:11).
   - Huwag natin siyang pahintulutan na pigilin niya tayong tumawid sa ibayo.
4. Magtiyaga tayo sa gitna ng napakalakas na unos.
   - Magpokus tayo kay Jesus dahil lilipas din ang mga pagsubok na ito.
5. Hindi tayo dapat matakot, dahil ito ang pumapatay sa ating pag-asa.
   - Hindi tayo pababayaan ng Diyos, huwag tanggapin ang mga negatibong kaisipan.
6. Lagi nating alalahanin ang mga ginawa ng Diyos sa atin.
7. Manalig tayo, kayang-kaya ng Diyos ang lahat.
8. Dapat maging payapa tayo, dahil nasa atin ang Diyos.

Kung nasa gitna tayo ng unos, para makatawid dito, alalahanin nating kausapin ang Diyos at sundin ang mga alituntunin sa ibaba.

1. Sundin ang mga sinasabi ng Diyos at pumunta kung saan man Niya tayo pinadadala.
2. Makinig lamang sa Diyos.
3. Anyayahan natin si Jesus na sumakay sa ating bangka at Siya na ang bahala sa atin.

Sa mga gabay na ito, kung sakaling mararamdaman natin na lumulubog na ang ating bangka, kailangang makaya nating lumutang, para makahingi tayo ng tulong mula sa Diyos at kailangan nating manahimik dahil nananalig tayo kay Jesus na patatahimikin Niya ang unos.

**Pagninilay:**

1. Nahihirapan ka ba sa ngayon?
2. Bakit pinahihintulutan ng Diyos na maranasan natin ang COVID 19, ibang sakit, at pinansyal na kahirapan?

**Isinalin ni:**Sis. Nida Cruz
**Na-edit ni: Sis Vera I. Tuplano**
**Inaprobahan ni: Sis Vera I. Tuplano**